Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA REGION
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
Sablayan, Occidental Mindoro

November 10, 2023

**MEMORANDUM**

**FOR** : The USEC Marilou G. Erni
Focal Person
8888 Citizens'Complaint Hotline

**FROM** : Land Management Inspector

**SUBJECT** : **ANSWERED LETTER FROM THE ANONYMOUS COMPLAINANT OF CENRO SABLAYAN EMPLOYEE WITH TICKET REFERENCE NUMBER : W20231105-917-11**

Magandang buhay po!

Narito po ang aking kasagutan sa lahat po ng reklamo at sari saring paratang laban sa akin. Nais ko po syang isa-isahin at himay himayin.

.

1. **Kakaibang raket bilang DPLI. Pagdating sa request tungkol sa lupa, kapag may kaya ang may request.**

   SAGOT : Lahat po ng request ay may referral, kaya kung ano po ang inirefer sa akin mahirap man po iyon o mayaman ay aking tinutugunan. At hindi po lahat ng nagrequest ay kilala ko, kaya paano ko po malalaman kung mayaman o mahirap ang kliyente na may request. Pakibasa po ang nakalakip na sulat galing sa isang kliyente.

2. **Sinisiraan ni CENRA Menchie ang mga Private Surveyor o Geodetic Engineer at sabay sabing kung sa amin nyo ipapasukat yan nakamura na kayo mabilis pa ang titulo nyo. Hindi naman po sya Surveyor o Geodetic Engineer, kaya hindi tama na sya ay mangontrata at manira ng ibang Surveyor. Ipinapasa din po lamang nya sa kakilala nyang surveyor upang doon ay kumuha ng komisyon.**

   SAGOT: Katulad po ng sinabi ng sumulat na hindi naman po ako Surveyor o Geodetic Engineer, paano ko po sasabihin sa kliyente na sa amin na lang sila magpasukat ay hindi nga po ako surveyor o geodetic engineer. Ang mga Geodetic Engineer po ditto ay sina Engr. Jonathan Reyes, Engr. Ruben Sarmiento at Engr. Raniza Acabado, Malaya po kayong tanungin ang mga Surveyor na nabanggit ko. Ang alam ko lang po na Geodetic Engineer na nag aakusa sa akin na sinisiraan ko sila ay ang magkapatid na Eric Custodio

at Dick Custodio. At pagdating po sa pagpapatitulo, paano ko po sasabihin na mapapadali eh hindi lang naman po sa amin dumadaan ang application. Sa katunayan nga po ay nakakailang pabalik balik ang applications at hirap na hirap kami maka accomplish. Pagdating naman po sa sinasabing nangongontrata ako at nangungumisyon, pwede po kayo magtanong sa lahat ng Geodetic Engineer dito sa Occidental Mindoro kung ako ay nangontrata at nangumisyon.

3. **Dumadating po sa punto na inuutangan nya ng pera ang kliyenteng nagpapatitulo, dahil gagamitin kuno nya sa pag follow-up sa regional office.**

   SAGOT: Iharap po sa akin ng nagreklamo kung sino ang sinasabi nyang inutangan ko na kliyente na nagpapatitulo at kapag nagpatitulo po ano po dapat ko I follow-up sa region. At kahit kelan po ay wala ako nai follow-up sa region tungkol sa pagpapatitulo.

4. **Madalas din pong pagkaperahan ang FlagT at SIFMA, may mga pagkakataon pa na private na lakad ang pupuntahan sa Looc at Lubang pero kukuha ng appearance lamang sa kapitan doon at tuloy magki claim pa ng TEV.**

   SAGOT: Ilabas din po nila ang kanilang ebidensya na pinagkaperahan ko ang FlagT at SIFMA. Hindi po ako napunta ng Lubang at Looc na private ang lakad ko at lagi pong official at malimit po na hindi ko naki claim ang travel ko dun kc hindi naman po ganon kalaki ang pondo ng lands. Everytime po na may Official Travel po ako sa Lubang at Looc ay galing po sa Mayor ang aking appearance at hindi sa Kapitan. Malaya po kayo makakapagtanong sa Mayor ng Lubang at Looc everytime na napunta ako doon kung ano ang trabaho na ginagawa ko kapag andun po ako sa Lubang at Looc.

5. **Ipinagmamalaki din ni CENRA Menchie ang mga isda na pinabaon ni Cenro Santos sa mga taga Legal ng Region na nag-imbestiga sa mga nagrereklamo. Mga isda na pinahingi ni Cenro Santos sa mga magbabangka dito sa Mamburao at Igsuso. Gamit ang pangalan ng opisina ng DENR upang manghingi ng mga isda, ano po kaya kapalit? Ipinagsasabi din ni CENRA Menchie ang mga pinag usapan ng taga Legal at mga nagreklamo, paano kaya nya nalaman samantalang nakita namin na closed door ang interview.**

   SAGOT: Pwede po kayo magtanong sa mga taga Legal na nag imbestiga kung may ipinabaon na isda sa kanila si Cenro Tanny. Kaya paano ko ipagmamalaki yun ay wala naman ako nakita na ibinigay si Cenro Tanny ng kahit ano sa mga taga Legal. Tanungin din ang magbabangka ng Mamburao at Igsuso kung nanghingi o nagpahingi si Cenro

Tanny sa kanila. Ganon po ba kaliit o kababa ang tingin ng nagreklamo sa mga taga Legal ng Region, maituturing ba kapalit kung isda lang ang naibigay. Sobra na po wala respeto ang nagreklamo na yan at kaya po siguro ganyan ang kanilang pag-iisip kc sila ang gumagawa nyan. May kasabihan nga po na "THE ONES DOIN'THE ACCUSIN' ARE USUALLY THE ONES DOIN'THE DOIN'". That's a proven fact, people have to accuse others to hide their own lies. Maglabas din po ng ebidensya na ipinagsabi ko ang mga pinag-usapan ng taga legal at ng mga nagreklamo. Wala po ako alam sa mga pinag-usapan ng nag-imbestiga at ng nagreklamo. Ginawa po ng mga nag-imbestiga ang part at role nila ng fair and clean.

6. **Habang nasa Denr-Cenro si CENRA Menchie po ay naging byahero din dati ng mga malalapad na Acacia. Kasama po nya ang isang kaibigan nyang babae bilang kasosyo, ito po ay idinideliver po nya dati sa pier ng Maynila sa isang koreano. May kinalaman po kaya dito ang mga Century Acacia trees na binigyan ng permit nito lamang October 2023 ni Cenro Santos upang putulin sa Brgy. Alacaak, Sta. Cruz, Occidental Mindoro at sa Mamburao? Permit na hindi dumaan sa Penro, Region at Central Office dahil ito po ay hindi naman planted.**

   SAGOT: Ang masasabi ko po sa paratang na yan, ni minsan po ay hindi ako nagbyahe ng kahit anong kahoy dahil alam ko po na bawal lalo na kung walang permit at kahit po minsan ay hindi ako nakarating sa pier ng Maynila. Tungkol po naman sa sinabing may kinalaman sa Century Acacia Tree na binigyan ng permit ni Cenro Santos ay wala rin po akong alam doon. At sa pagkakakilala ko po kay Cenro Santos sa halos dalawang taon namin na laging magkasama ay wala po ako nakita na ginawa nyang illegal at napakahigpit po nya pagdating sa illegal na gawain, gusto nya po lagi na lahat ng transaksyon ay dadaan sa tamang proseso. Dahil kung mali po ang ginagawa at pamamaraan ni Cenro Santos ay isa ako sa hindi aayon sa ginagawa nya. Hindi ko nga po alam kung bakit galit sila sa tamang pamamaraan ni Cenro Santos. Dahil po ba nasagasaan ang mali nilang ginagawa dati at naapektuhan ang pinagkakakitaan nila dati? Sabi nga po sa Juan 8:7, "Sinabi nya sa kanila: Ang sinumang walang kasalanan sa inyo ang siyang maunang bumato sa kaniya."

7. **CENRA Menchie po ang tawag namin sa kanya dahil sa kakaibang lakas nya o dikit sa aming Cenro Santos, madalas din na sa kanya nanggaling ang ibang pinagagawa ni Cenro Santos kagaya nga ng pagpalitin ng destino ang taga Mamburao ay sa Sablayan ang duty at ang taga Sablayan naman ay sa Mamburao. Saksi po ang aming kaopisina na pagpalitin ng destino ang taga Mamburao sa taga Sablayan.**

   SAGOT: Hindi ko po alam kung ano ang dapat ko maramdaman sa tawag nila sa akin, kung ito po ba ay compliment or insulting. Pero in my positive outlook ikinararangal ko po na tinawag nila akong CENRA kahit sa napakababa kong posisyon ay naging CENRA po ako. Tungkol po sa sinabing kakaibang lakas ko o dikit kay Cenro Santos, kahit po

isang pabor ay wala po ako hiningi kay Cenro Santos at hindi po kailanman ako nagsamantala kahit ako ay pinagkakatiwalaan nya. At yung sabihin po nila na madalas sa akin nanggagaling ang desisyon ni Cenro Santos ay napaka childish na akusasyon naman po iyon dahil si Cenro Santos po ay matalinong tao at hindi pwedeng diktahan dahil may sarili po syang pag-iisip. At ang main office po talaga namin ay CENRO-SABLAYAN, so wala po ako nakikitang mali sa ginawa nya dahil ang sakop po ng CENRO-SABLAYAN ay ang mga munisipyo ng Mamburao, Paluan, Sta. Cruz, Abra de Ilog, Looc at Lubang. Kaya wala po naman siguro syang na violate kung may idinistino sya sa Mamburao na taga Sablayan at ang taga Mamburao ay idinistino sa Sablayan. At sa pagkakaalam ko po ay mga tao sa enforcement lang ang pinagpalit nya. Ako nga po iniassign ni Cenro Santos sa Looc at Lubang wala po ako naging reklamo. Kung may kakaiba po akong lakas kay Cenro Santos, siguro po ay hindi nya ako iassign sa malayo.

Eto po ang panghuli ko po na masasabi kung talagang totoo lahat ng sinabi ng sumulat, ay sana po inilagay nya ang pangalan nya sa sulat. At kung taga opisina po talaga ang nagreklamo ay hinahamon ko po sya na harapin ako at maglabas sya ng matibay na ebidensya. Dapat po siguro ang iniimbistigahan ay ang ginawang mali ng nakaraang administrasyon, dahil sa dami ko po nakausap na mga kliyente ay puro reklamo ang naririnig ko sa kanila tungkol sa nakaraang administrasyon. Ngayon ko lang po nalaman mga hinaing nila dahil ngayon lang naman po ako nabigyan ng pagkakataon na gampanan ko ang pagiging LMI ko. At bilang nagtatrabaho po ako sa ahensyang eto at tumanim po sa isip ko ang sinabi ni Penro Espejo na "kung may masama kang sasabihin sa ahensya natin ay umalis ka na sa ahensyang eto, kaya kahit may mga sinasabi po sila laban sa mga empleyado ng Denr ay wala po ako naging komento. At naranasan ko din po nong ako ay nabigyan ng pagkakataon na gampanan ang aking trabaho, kapag nalaman po nila na taga Denr ako ay halos ayaw nila lumapit sa akin at parang takot sila lumapit sa taga Denr. Kaya kapag tinatanong ko po sila kung bakit ganon sila ay dahil nga daw po sa masamang karanasan nila sa mga taga Denr. Noong nakaraang administrasyon po ay may kanya kanya na pong munisipyong hawak ang mga DPLI/LMI at bukod tanging ako lang ang walang hawak na munisipyo kahit item ko po yun at hindi na ako kailangang ideputize. Ayoko po sana sabihin mga bagay na eto, kaya lang po bakit kung sino pa po gumagawa ng mabuti ay sya pa po ginagawan ng mga maling paratang. Alamin nyo po dito sa aming lahat kung sino ang mga mayayaman at maraming lupain. Bakit hindi nyo po I lifestyle check mga empleyado dito at mga naging empleyado para malaman nyo po ang tunay na katotohanan. Imbestigahan nyo po ang NGP at ang mga maling pagpapatitulo sa Cenro Sablayan at noon ay Cenro Mamburao. Ayaw ko po sana mangyari na maging ganito ako sa ahensyang minahal at pinag-umpisahan ko, kaya lang po napaka unfair po para sa akin na napakababa ng position ay ganito pa ang gagawin nila sa akin. Kaya ko pong ipagmalaki ang sarili ko at taas noo po akong nakakalakad dahil wala po ako inagrabyado o nilokong tao. Itinuro po sa akin ng mga magulang ko

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA REGION
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
Sablayan, Occidental Mindoro

ang kababaan ng loob, pagtulong at may takot sa Dyos at takot po ako sa karma, kaya kahit po sa imahinasyon hindi po sumagi sa isip ko na manloko, magnakaw o mang-agrabyado ako ng kapwa ko. Marunong po pati ako makuntento sa buhay, kaya hindi ko na po kailangan maghangad ng sobra sobra. Simpleng tao lang po ako, kaya gusto ko lang po ng simple at masayang buhay. Kahit po ako mahirap ay masaya po ang buhay ko at nakakatulog po ako ng mahimbing sa gabi.

MA. MENCHIE A. QUIÑONES

Cc: Maria Antonia Yulo- Loyzaga
DENR Secretary
5 Visayas Ave., Diliman, Quezon City,
1128 Metro Manila

Cc: Felix S. Mirasol, Jr., CESO IV
OIC-Regional Executive Director
1515 DENR by the Bay Bldg.,
Roxas Boulevard, Brgy. 668,
Ermita, Manila

Cc: Ernesto E. Tañada
OIC-Penro
Mamburao, Occidental Mindoro

NOV. 8, 2023

RED Felix S. Mirasol Jr.
REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR

DEAR SIR MIRASOL JR,

Isang maaliwalas at mapagpalang araw po sa inyo. ako po si HELEN P. ESTA, taga Abra de Ilog occidental Mindoro.

Ako po ay isa sa mga kliyente ni ma'am Menchie Quinonez ngayon. Pero po bago nga ako naging kliyente, dumaan po muna ako sa pauli-uli sa pagpunta ng DENR mamburao, during pandemic 2020 po ako nag start mag-ayos ng mga papel ng nasabing lupa ng yumao naming mga ninuno, sa barangay udalo Abra de Ilog Occidental Mindoro. Walang kasiguraduhang lakad sapagkat Pandemic noon. Ang nakakausap lang po namin ay si ma'am MILAGROS TAÑEDO. Ang hinahabol po naming lupa ay base sa sabing taga records ay meron ng nagmamay ari. Nag ayos po kami ng kaukulang dokumento para namin malaman ang totoong nangyari sa lupa, balik ulit po kaming DENR, sapagkat hindi kami satisfied sa kanilang paliwanag tungkol sa hinahabol naming lupa ng mga ninuno namin.

Hanggang 2021 po kami pumupunta ng DENR, hanggang sa nawalan na kami ng pag-asa na ayusin dahil nga po walang magandang paliwanag sa amin ang taga records.

Nabalitaan ko po na merong taga DENR noong 2022 na nag survey sa Udalo Abra de Ilog, inaalam po nila yong mga lupang walang mga titulo, kaya nagbakasakali po ulit akong pumunta ng DENR 2022. Natuwa po ako dahil iba na ang nasa records, si ma'am HELEN na po. Parang nabuhayan po ako ng loob, dahil maayos nila kaming inentertain, gumawa po sya ng paraan na makausap ko si ma'am MENCHIE QUIÑONEZ, tapos gumawa din ng paraan si Ma'am MENCHIE na makausap ko si CENRO SANTOS, malayong malayo sa naging intertain samin ng dating taga records.

Kahit po nasa trabaho si mam menchie at tinatawagan ko, umasagot po sya kahit anong busy nya sa kanyang trabaho, wala po sya inipili na kliyente.

Tinuruan po nila kami, ni CENRO SANTOS ng dapat naming gawin, ngayon na may linaw na ang lupa naming hinahabol, pero tuloy pa din po ng pagtulong sa amin ni ma'am MENCHIE, kahit po malayo ang lugar na papa inspection sa kanya, pumupunta po sila na walang reklamo, at walang inihinging bayad, bagkos ay nakakangiti pa sa kabila ng pagod mag-ahon a mga bundok na ini inspection nila. marahil po kung hindi sila ang nsa posisyon ngayon, baka po nawalan na ako ng pag-asa ayusin ang ipa ng mga ninuno namin, sapagkat hindi po ako natulungan nong nga datihang nakaupo na empleyado.

Si CENRO SANTOS po ang ang tumulong at nagturo sa amin ng apat gawin, ang mam MENCHIE na pag nag follow up ako, lagi din nandy n tumutulong sa amin, at sa taga RECORDS na si ma'am HELEN na aayos mag entertain. Kaya nagpapasalamat po ako sa kanila sa naal pagtulong sa amin ng walang hinihinging anumang kabayaran. Sa madami pa sila matulungan na kagaya ko na mahirap lang.

Marami pong Salamat & GOD BLESS po!

Lubos na gumagalang,

Helen P. ESTA